

92%

ng mga ehektibo ng negosyo ang nagsasabing masyadong umaasa ang Pilipinas sa mga import na fossil fuel, ang pinakamataas na porsiyento sa lahat ng 18 bansang na-survey

Dahil sa pagpapabago-bago ng mga presyo ng enerhiya bunsod ng tumitinding kawalang-katiyakan sa heopolitika kamakailan, bukas ang mga lider ng negosyo sa mas mabilis na paglipat sa elektrisidad na nagmumula sa mga lokal na pinagkukunan na nakabatay sa renewables.

Ang Kailangan ng Negosyo

Sinasabi ng mga senior na ehektibo na pabibilisin ng suportang pinansiyal at iba pang insentibo sa merkado ang elektripikasyon ng mga indibidwal na kompanya at ng mas malawak na ekonomiya.

Konteksto ng polisiya

Suportado ng plano sa malinis na elektripikasyon ng Pilipinas ang mas malawak na layunin ng pamahalaan sa pagtatayo ng isang mas ligtas, sustenible, at matatag na sistema ng enerhiya. Ang integrasyon ng elektrisidad na nakabatay sa renewables ay mahalagang aspekto ng estruktural na pagbabago. Para maisakatuparan ito, itinakda ng pamahalaan na pataasin ang bahagi ng renewables sa kabuuang pinagkukunan ng kuryente sa 35% pagsapit ng 2030 at 50% pagsapit ng 2040—mula sa kasalukuyang 22.2%.¹ Dahil ang bansa ay lapitin ng mga bagyo, pagbaha, at iba pang matitinding kalamidad, matagal nang nakabatay sa mitigasyon ng klima ang plano ng transisyon sa enerhiya ng bansa. Sa pagitan ng 2015-2024, umabot sa tinatayang US\$400 bilyon ang pinsalang dulot ng mga natural na sakuna.²

Ang mga pisikal na peligrong ito ay nauunawaan ng mga negosyo, kung saan isang katlo (35%) ng mga ehektibo ang pumili sa ‘pagtugon sa pagbabago ng klima’ bilang isa sa mga pangunahing benepisyo ng elektripikasyon.

Sa mga nakaraang taon, lalong naging mahalagang konsiderasyon sa politikal na pagpapasiya ng pamahalaan ang ekonomiya. Ang pagpapalawak ng mga naipamahaging renewables, microgrids, at matatag na imprastruktura ng enerhiya, halimbawa, ay tinitingnan bilang integral sa elektripikasyon ng mga liblib na lugar at mga madalas tamaan ng sakuna—isang napakahalagang hakbang tungo sa layunin ng bansa na makamit ang 100% elektripikasyon ng mga kabahayan. Higit pang nabigyang-diin ang pag-angat ng seguridad sa enerhiya sa adyendang politikal. Kaugnay ito ng pagtaas ng presyur sa lokal na presyo ng enerhiya dahil sa lumalalang kawalang-katiyakan sa heopolitika at mga epekto nito sa pandaigdigang merkado ng enerhiya. Bulnerable ang Pilipinas sa ganitong pabagobagong kalagayan dahil sa matinding

¹ <https://www.iea.org/countries/philippines>


² <https://psa.gov.ph/statistics/environment-statistics/node/1684062606>

Pananaw sa Negosyo


pagdepende nito sa mga import na fossil fuels, na bumubuo sa tinatayang 78% ng kabuuang suplay ng enerhiya ng bansa³—na ang kalakhan ay ginagamit sa produksiyon ng kuryente. Muli, alam na alam ng mga lider ng negosyo ang kahinaang ito, kung saan 92% ang naniniwala na masyadong umaasa ang bansa sa mga import na fossil fuel (ang pinakamataas na porsiyento sa survey). Sa parehong kadahilanan, ‘ang pagbawas sa pagdepende sa mga import na fossil fuel’ ang benepisyo ng elektripikasyon na pinakamadalas piliin ng mga ehektibo (36%). Pinakamalinaw na patunay sa lahat ang nagkakaisang opinyon ng mga lider ng negosyo (100%) na mapabubuti ng elektripikasyon ng mga operasyon nila ang kanilang seguridad sa enerhiya.

Ang suporta ng mga kompanya sa Pilipinas sa malinis na elektripikasyon ay nakabatay sa inaakalang mga benepisyong pang-ekonomiya nito. Halos lahat ng mga senior na ehektibo ay sumasang-ayon na magiging mas kompetitibo sila dahil sa elektripikasyon ng kanilang mga operasyon (99%), at mas lalago pa ang kanilang negosyo (99%). Kaya naman, sumasang-ayon din ang karamihan (92%) na dapat bigyang-prioridad ng mga negosyo ang elektripikasyon kaysa sa mga kagamitang gumagamit ng fossil fuel sa susunod na dekada, ang pinakamataas na porsiyento sa lahat ng 18 bansang na-survey.

92% ng mga Filipino executive ang nagsasabing masyadong umaasa ang bansa sa pag-angkat ng fossil fuel.



Gaano ka sumasang-ayon o hindi sumasang-ayon sa sumusunod na pahayag? : Pilipinas ay masyadong umaasa sa mga inaangkat na fossil fuel mula sa ibang mga bansa.



³ <https://prod-cms.doe.gov.ph/documents/d/guest/2024-philippine-energy-situationer-and-key-energy-statistics-pdf>

Pilipinas

Gayunpaman, may ilang balakid sa ganap na elektripikasyon. Sa kabila ng ambisyosong target ng pamahalaan, halimbawa, karamihan ng mga lider ng negosyo (89%) ang nagsasabing napakabagal ng pag-usad ng mga polisiya nito para suportahan ang bilis ng elektripikasyong kailangan ng mga negosyo. Pinagtatibay ito ng mataas na porsiyento (80%) ng mga ehekutibong naniniwala na nahuhuli ang Pilipinas sa karera ng elektripikasyon. Bilang tugon, halos kalahati

(47%) ang tumukoy sa mas maraming pampublikong grant at subsidiya bilang ilan sa mga pinakamabisang polisiya para sa mabilis at malinis na elektripikasyon. Bagaman nakikita ng mga negosyo sa Pilipinas ang mga bagong oportunidad sa paglago sa mga larangang tulad ng low-carbon na pagmamanupaktura, malaking bahagi (78%) ang nagkokonsiderang lumipat sa ibang bansa kung hindi magiging sapat ang suporta ng pamahalaan sa elektripikasyon.